Two-step na pag-sign in

Kapag naka-on ang two-step na pag-sign in, hihingi rin ng code mula sa app sa phone mo tuwing magsa-sign in, kaya hindi sapat ang ninakaw na password.

Mga hakbang

1. Mag-install ng authenticator app sa phone mo, gaya ng Google Authenticator, Microsoft Authenticator o 1Password.
2. Pindutin ang initials mo sa kanang itaas, buksan ang Iyong profile, at pindutin ang I-on ang two-step sign-in.
3. I-scan ang parisukat gamit ang app, o i-type ang key na nasa ilalim nito. Saka i-type ang anim na digit na ipinapakita ng app, at pindutin ang I-on ito.
4. Itago sa ligtas na lugar ang mga backup code mo. Isang beses lang gumagana ang bawat isa, para sa araw na mawala ang phone mo.

Mabuting malaman

Sa totoong HQ, kailangan ng lahat ang two-step na pag-sign in.

Nawala ang phone mo? Mag-sign in gamit ang isang backup code, saka pindutin ang Gumawa ng bagong backup code. O hilingin sa may-ari ng kompanya mo na i-off ang two-step na pag-sign in mo, at i-set up ito ulit sa bagong phone.

Nakalista rin sa Iyong profile ang mga huling pag-sign in mo, para makita mo kung may ibang nakapasok.